



Bakit kaya magkaiba ang nasyonalidad ng magkapatid kahit na pareho namang ipinanganak sa Japan?

Ang batas ukol sa nasyonalidad ay muling pinagtutuunan ng pansin para masagot ang katanungang ito at dahil na rin sa dahilang internasyonal. Mayroon ba kayong kakilala na may problema sa nasyonalidad?

Pagbibigay ng bagong kahulugan sa Nationality Act Magandang balita – ipinagkaloob ang hinihinging nasyonalidad!

Ang desisyon ng Tokyo regional court noong Marso ay naging isyu ng mga balita at ito ay isang bagong interpretasyon ukol sa nationality act. Ang desisyon ng korte na pagkalooban ng nasyonalidad bilang mga Hapon ang 9 na Pilipinong bata ay hinataw noong Marso 29. Ang mga magulang ng mga bata ay Hapon at Pilipina kaya nga lamang hindi kasal, subalit sila ay kinilalang anak ng mga nasabing amang Hapon.

Ang desisyong ito ng Tokyo regional court ay nagbukas ng daan sa makabagong panahon . Sinabi ng korte na ang kasalukuyang Nationality Act kung saan ang isang bata ay hindi maaring bigyan ng nasyonalidad bilang Hapon kung ang mga magulang ay hindi kasal, kahit na ang ama ay isang Hapon, ay hindi makatarungan at labag sa karapatang pangtao.

May isa pang kaso kung saan masasabing hindi makatarungan ang Nationality Act. Noong nakaraang Abril ay hinataw ng isang korte ang desisyong pagkakalooban ng nasyonalidad ang bata na anak ng hindi kasal na mga magulang kung sila ay nagsasama.

Ang mga kasong ito ay maaring panimula sa pagbabago. Isang trauma sa isang bata kung siya ay hindi kikilalaning isang nasyonal na Hapon lalo na kung siya ay naninirahan sa bansa. Makiisa tayo tungo sa katuparan ng pagbabago . . .

Nationality Act

Ang Article 2 ng batas ukol sa nasyonalidad na unang tinakda noong July 1, 1950, ay nagsasaad na :

• • • ang isang bata ay bibigyan ng nasyonalidad na Hapon kung . . .

1. ang ina ng bata ay isang Hapones noong siya ay isilang.

2. ang ama ng bata ay isang Hapon subalit pumanaw bago ipinanganak ang nasabing bata

3. ang mga magulang ng bata ay nawawala o parehas na walang nasyonalidad .

Nakasaad sa Article 3 na maaring mabigyan ng nasyonalidad ang isang bata kung ito ay kinilala ng Hapong ama habang nasa sinapupunan pa lamang, kahit na hindi kasal subalit dapat silang magpakasal pagkatapos na maisilang ang bata.

INFORMATION

Maaring makakuha ng application forms sa Immigration sa pamamagitan ng Internet

Ang FICEC ang namamahala ng foreign residents advisory center o mga pagbibibigay ng payo sa mga dayuhang nasyonal. Ang paghahanda ng iba't ibang papeles lalong-lalo na sa para sa Immigration ay nagkukunsumo ng oras at nakakaabala. Pero maari na ngayong makakuha ng mga application forms sa pamamagitan ng Internet. Ang mga sumusunod ang listahan ng mga websites.

application forms <http://www.moj.go.jp/ONLINE/page.html>

organisasyon/iba'ibang sanggay at lokasyon ng immigration bureaus sa distrito
<http://www.immi-moj.go.jp/soshiki/index.html>

listahan para sa status of residence(SOR) <http://www.moj.go.jp/NYUKAN/nyukan04.html>

aplikasyon para sa sertifiko ng katunayan ng pagiging residente
<http://www.moj.go.jp/ONLINE/IMMIGRATION/16-1.html>

aplikasyon para sa re-entry permit <http://www.moj.go.jp/ONLINE/IMMIGRATION/16-5.html>

aplikasyon para sa permanent residence <http://www.moj.go.jp/ONLINE/IMMIGRATION/16-4.html>

aplikasyon ng change of status of residence <http://www.moj.go.jp/ONLINE/IMMIGRATION/16-2.html>

aplikasyon para sa extension of period of stay o ekstensyon ng visa
<http://www.moj.go.jp/ONLINE/IMMIGRATION/16-3.html>

aplikasyon para sa permission to acquire status of stay o permiso para magkaroon ng status ng pananatili
<http://www.moj.go.jp/ONLINE/IMMIGRATION/16-10.html>

aplikasyon para sa permiso para sa ibang aktibidades maliban sa nakasaad sa kasalukuyang status ng visa
<http://www.moj.go.jp/ONLINE/IMMIGRATION/16-8.html>

proseso ng kumpirmasyon ng status ng paninirahan at permiso para magtrabaho
<http://www2.mhlw.go.jp/topics/seido/anteikyoku/gairou/980908gai02.html>

Nagbukas ang Saitama int'l association ng Help desk o pagtatanungan ng mga dayuhang nasyonal sa Urawa district prefec. office, bukas simula April 3. Pagpapayo sa iba'ibang wika at mga impormasyon ang ilan sa mga serbisyo. Magtungo lamang kung may katanungan. At kung kayo ay nahihirapan sa proseso ng mga papeles kagaya ng sa city hall, lumapit lamang sa mto o tumawag sa SIS. Maari kaming magsalin sa inyong wika sa telepono.

Lengguage: Ingles, Espanyol, Chinese, Portuguese, Korean, Tagalog, Thai, Vietnamese. Lunes-Biernes, 9am~4pm
TEL: 048-833-3296 / 048-835-2423

E-mail: help@sial.jp

Pagpapayo sa mga dayuhang nasyonal!

At mga tagasalin sa inyong wika

— Saitama International Assoc.



Fujimino International Wai Wai Club

Inaanyayahan - miyembro at staff

Mga batang dayuhan at Hapon ay sama-sama sa mga programa. Buwanang iskedyl ay talagang pulos kasiyahan. Inaanyayahan ang lahat!

Aplikasyon • Katanungan

N P O Corporation FICEC

☎ 0 4 9 - 2 5 6 - 4 2 9 0